



## Ang Pagsisisi sa Kasalanan at Pagbabagong-Buhay

**T**ayo ay nasa Ikalimang Linggo ng Banal na Panahon ng Kuwaresma. Maraming karapatang pantao ang nais ituro sa atin sa Linggong ito. Nariyan ang pagkakapantay ng lalaki at babae. Nariyan ang kalikasang sekswal ng tao. Nariyan ang kahalagahan ng buhay ng tao. Hindi higit ang lalaki sa babae. Hindi ginagamit ang kalikasang sekswal ng tao bilang pagpapasasa sa kasarapan o paghahanap-buhay.

Ang tao, kahit ang nagkasala nang mabigat, ay may karapatang mabuhay. At ang nagtatanggol sa lahat ng karapatang ito ay ang awa at habag ng Diyos.



### PASIMULA

#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ako ay iyong hukuman, pabulanan ang sakdal ng may masamang paratang, D'yos ko, tanging ikaw lamang ang lakas ko at tanggulan.**

#### Pagbati

**P** – Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong nagtuturo ng awa at habag, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B** – At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P** – Madalas tayong magparatang sa iba. Ang tingin natin sa mga nagkakasala ay talagang masama at dapat parusahan. Ngunit dapat muna nating tingnan ang ating mga sarili. *(Manahimik sandali.)*

**P** – Para sa aming mapagparatang na pagtingin sa aming kapwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** – Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** – Para sa aming kakulangan ng awa at habag, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** – Kristo, kaawaan mo kami!

**P** – Para sa aming pagkabulag sa aming sariling mga kasalanan, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** – Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** – Amen!

#### Panalanging Pambungad

**P** – Ama naming makapangyarihan, alang-alang sa dakilang pag-ibig ng iyong Anak na siyang nagbunsod upang mahalina niya ang lahat anupa't kusa niyang inako ang mamatay para sa sanlibutan, kami nawa'y masigasig na

tumahak sa kanyang dinaanan sa iyong pag-akay at sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** – Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

#### Unang Pagbasa *Isa 43:16-21*

*Ang pahayag ni Propeta Isaias ay mula sa ikalawang bahagi ng kanyang aklat. Ito ay nagtuturo ng pag-asa sa isang hinaharap na puno ng ligaya at kaayusan. Ang anumang pagkakasala ng Bayan ng Israel ay patatawarin na at tuluyang kalilimutan ng Diyos.*

**L** – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

**Ito ang sinasabi ng Panginoon, na s'yang gumawa ng landas, upang may maraanan sa gitna ng dagat. Sa kapangyarihan n'ya ay kanyang nilupig ang malaking hukbo. Nilipol**

niya ang kanilang mga kabayo. At ang mga karwahe'y winasak, sila'y nangabuwal at di na nakabangon. Parang isang ilaw, na namatay ang ningas.

Ito ang sabi niya: "Ang mga nangyari no'ng unang panahon, ilibing sa limot, limutin na ngayon.

Narito, at masdan ang nagawa ko'y isang bagong bagay na hanggang sa ngayo'y di mo namamasdan. Ako'y magbubukas ng isang landasin sa gitna ng ilang, maging ang disyerto ay patutubigan. Ako'y igagalang niyong mga hayop na pawang mailap, gaya ng avestrus at ng asong-gubat; ang dahilan nito, sa disyerto ako'y nagpabukal ng saganang tubig para may mainom ang aking hinirang.

Sila'y nilalang ko at aking hinirang, upang ako'y kanilang papurihan!"

Ang Salita ng Diyos!

**B** – Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** Awit 125

**B** – Gawa ng Diyos ay dakila kaya tayo'y natutuwa!

*R. M. Velez*

\* Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panaginip. Lahat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit. **B.**

\* Ang sabi ng mga bansang nagmamamid sa paligid, "Ang ginawa ng Diyos nila ay dakila, anong rikit!" Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, kagalaka'y di-kawasa! **B.**

\* Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis, sa sariling bayan namin, kami, Poon, ay ibalik. Silang mga nagbubukid na nagtanim na may luha, bayaan mo na mag-aning masasaya't natutuwa. **B.**

\* Yaong mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis, ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik! **B.**

**Ikalawang Pagbasa** Fil 3:8-14

Ang ating sipi mula sa Sulat sa mga taga-Filipos ay nagpapahayag ng matinding pag-ibig

ni San Pablo sa Panginoong Hesus. Handa niyang talikdan ang lahat para lamang kay Hesus. Ang mahalaga sa kaniya ay ang maranasan ang tunay na pakikiisa kay Hesus, pati na ang karanasan ng kamatayan, sa pag-asang mararanasan din niya ang muling pagkabuhay.

**L** – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Inari kong kalugihan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan makamtan ko lamang si Kristo, at lubos na makiisa sa kanya. Hindi ko na hangad na maging matuwid sa pamamagitan ng kautusan kundi sa pananalig kay Kristo. Ang pagiging matuwid ko ngayon ay kaloob ng Diyos batay sa pananampalataya.

Ang tanging hangarin ko ngayon ay lubusang makilala si Kristo, maranasan ang kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, makihati sa kanyang mga hirap, at matulad sa kanya – pati sa kanyang kamatayan – sa pag-asang ako ma'y muling bubuhayin.

Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito. Hindi rin sa ako'y ganap na, ngunit sinisikap kong maisakatuparan ang layunin ni Kristo Hesus nang tawagin niya ako. Mga kapatid, hindi ko ipinalagay na natupad ko na ang mga bagay na ito. Ang ginagawa ko ngayo'y nililimot ang nakaraan at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap. Nagpapatuloy nga ako tungo sa hangganan upang kamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo Hesus, ang buhay na hahantong sa langit.

Ang Salita ng Diyos!

**B** – Salamat sa Diyos!

**Awit-pambungad sa Mabuting Balita** Joel 2:12-13

**B** – (Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Magsisi tayong mataos, halinang magbalik-loob sa mapagpatawad na Diyos. Sa kanya tayo'y dumulog at manumbalik na lubos.

(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

**Mabuting Balita** Jn 8:1-11

Ang siping ito sa Ebanghelyo ni Juan ay isang piraso ng Magandang Balitang naisingit lamang dito galing marahil sa ibang Ebanghelyo. Ngunit ito ay magandang pagtuturo ng awa at habag ng Diyos na nais dalhin ni Hesus sa daigdig. Ito rin ay isang halimbawa ng kaganapang ibinibigay ng Panginoon sa Kautusan ng Lumang Tipan.

**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan  
**B** – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, si Hesus ay pumunta sa Bundok ng mga Olibo. Kinaumagaha'y nagbalik siya sa Templo. Lumapit sa kanya ang lahat, kaya't umupo siya at sila'y tinuruan.

Noo'y dinala sa kanya ng mga eskriba at ng mga Pariseo ang isang babaing nahuli sa pakikiapid. Pinatayo ito sa harapan nila, at sinabi kay Hesus, "Guro, ang babaing ito'y nahuli sa pakikiapid. Ayon sa Kautusan ni Moises, dapat batuhin hanggang sa mamatay ang mga gaya niya. Ano ang masasabi mo?" Itinanong nila ito upang subukin siya, nang may maisumbong sila laban sa kanya.

Ngunit yumuko si Hesus at sumulat sa lupa sa pamamagitan ng daliri.

Ayaw nilang tigilan nang katatanong si Hesus, kaya't sila'y tiningnan niya at sinabi ang ganito, "Sinuman sa inyo na walang kasalanan ang siyang maunang bumato sa kanya." At muli siyang yumuko at sumulat sa lupa.

Nang marinig nila ito, sila'y isa-isang umalis, simula sa pinakamataanda.

Walang naiwan kundi si Hesus at ang babaing naroon pa rin sa harapan niya. Tiningnan siya ni Hesus at tinanong: "Nasaan sila? Wala bang nagparusa sa iyo?" "Wala po, Ginoo," sagot ng babae. Sinabi ni Hesus: "Hindi rin kita parurusahan. Humayo ka, at huwag nang magkasala."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B** – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

**Homiliya**

**Sumasampalataya**

**B** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng

Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P**–Hingin natin sa Diyos na maibahagi Niya sa atin ang Kanyang awa at habag. Ang ating sasambitin ay:

**B** – Amang maawain, dinggin Mo ang aming panalangin!

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mabuksan ang kanilang mga isip at puso sa sarili nilang mga pagkakamali at hindi nila talikdan ang mga makasalanan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay huwag silang maging mapagparatang sa kanilang kapwa, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang maharap nila ang kanilang sariling mga kasalanan at magpairal ng awa at habag sa lipunan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga taong pinararatangan ng masama ng iba upang lumapit sila sa Diyos at pasakop sa Kanyang dakilang awa at habag, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang makabuo tayo ng isang pamayanang marunong kumilala sa sariling pagkakamali at

mabisa sa pagpapalaganap ng awa at habag, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P**–Ama naming puno ng awa at habag, ibuhos Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang kami ay mapuspos ng paghahangad na magsisi sa aming mga pagkakasala, tahakin ang landas ng tunay na pagbabago, at ipamalalas ang awa at habag sa lahat, bilang pagsunod sa halimbawa ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

**B**–Amen!



**P**–Manalangin kayo . . .

**B**–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**–Ama naming Lumikha, kami’y dumadalanging ang mga pinapagsalob mo ng mga nilalaman ng pananampalatayang Kristiyano ay iyong gawing dalisay pakundangan sa ipinagdiriwang na paghahaing ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!

### Prepasyo sa Kuwaresma II

**P**–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa pagbabakasakali mong kami’y bubuti, isinugo mo si Hesukristo upang pangunahan kami. Bilang pagsunod sa iyong atas na bigay, ipinahayag ng iyong Anak ang iyong kalooban na ang mga api’t dukha ay kanyang damayan. Ngayon ay iyong inihahandog ang pagkakataong aming maisalob ang kanyang ganap at kusang paglilingkod upang sa iyo’y lagi kaming makasunod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**–Santo, santo, santo . . .

### Pagbubunyi

**B**–Aming ipinahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiya at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



**B**–Ama namin . . .

**P**–Hinihiling namin . . .

**B**–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**–Kordero ng Diyos . . .

#### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

#### Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

**B**util na hindi mamatay sa lupang pinaghasikan ay palaging isa lamang; pag namatay, uusbungan ng ibang butil sa uhay.

#### Panalangin Pagkapakinabang

**P**–Ama naming mapagmahal, kaming nakikinabang sa Katawan at Dugo ng iyong Anak ay mapabilang nawang lagi sa mga kaanib niya na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!



**P**–Sumainyo ang Panginoon.

**B**–At sumaiyo rin!

**P**–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik sandali.*)

Panginoon, ingatan Mo tuwina ang Iyong bayan upang sila'y maligtas sa lahat ng masama at makapaglingkod sa Iyo nang buong puso. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

**B – Amen!**

**P –** Sumainyo ang pagpapala ng makapangyarihang

Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo magpakailanman.

**B – Amen!**

**P –** Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan kayo ng mahabaging pag-ibig ng Diyos.

**B – Salamat sa Diyos!**

## Munting Katesismong Pangkuwaresma sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

### ANG PARUSANG BITAY

**Panimula:** Ang parusang bitay ay pinagtatalunan sa ating bayan. Dapat nga ba itong ibalik? Makatutulong ba ito? Makalulutas ba ito sa mga krimeng nagaganap sa ating paligid? Iba't iba ang pananaw ng mga tao. Ano ba ang pananaw mo tungkol sa parusang bitay?

**Pagpapalalim:** Ang dapat nating maging batayan ay ang Salita ng Diyos. May parusang bitay sa Lumang Tipan. Ang sabi ng Diyos: *“Sinumang manakit at makamatay sa kanyang kapwa ay papatayin din . . . kung ang pagpatay ay dahil sa galit darakpin ang pumatay at papatayin kahit siya magtago sa altar. Sinumang magbuhat ng kamay sa kanyang ama o ina ay papatayin. Sinumang dumukot ng kapwa upang ipagbili o alipinin ay papatayin. Sinumang manungayaw sa kanyang ama o ina ay papatayin.”* (Exodo 21:12.14-17) *“Buhay sa buhay”* (Exodo 21:23b). Ang mga karumal-dumal na pagkakasala ay may parusang kamatayan.

### Pagbasa: Juan 8:1-11

**Buod:** Pinaratangan ng mga eskriba at Pariseo ang isang babae: *“Ang babaing ito’y nahuli sa pakikiapid”* (Juan 8:4b). Nais nilang ipatupad ang nakasaad sa Batas ni Moises: *“Dapat batuhin hanggang sa mamatay ang mga gaya niya”* (Juan 8:5b). Sinasabi nga sa Kautusan: *“Kung totoo ang bintang (na hindi na dalaga ang kanyang napangasawa) . . . ang babae’y ilalabas ng bahay. Babatuhin siya roon ng mga kalalakhian ng lunsod.”* (Deuteronomio 22:20.21a)

Itinuro ng Panginoong Hesus tungkol sa Kautusan: *“Naparito ako hindi upang pawalang-bisa kundi para ipaliwanag at ganapin ang mga iyon”* (Mateo 5:17b). May mga kulang sa nais ipatupad ng mga eskriba at Pariseo. Ang una ay bakit ang babae lamang

ang parurusahan? Sinasabi rin sa Kautusan: *“Kapag ang isang lalaki’y nahuling kasiping ng asawa ng iba, pareho silang papatayin”* (Deuteronomio 22:22a). Kung gayon nasaan ang lalaki? Bakit hindi rin siya hinuli upang maparusahan?

Ang ikalawa ay kailangan pa ba talaga ang parusang bitay? Nang umalis na ang lahat ng nagnais magparusa sa babae ay sinabi ni Hesus: *“Hindi rin kita parurusahan. Humayo ka, at huwag nang magkasala.”* (Juan 8:11b) Ito ang pagbibigay ng kaganapan sa Kautusang sinasabi ni Hesus. Inaalis na niya ang parusang bitay. Hindi na ito dapat igawad. Ito ang huling turo ng Banal na Kasulatan. Ang dakilang awa at habag ng Diyos ang siyang nag-aalis nito. Ang nais Niya ay hindi ang kamatayan ng makasalanan, kundi ang kanyang pagsisisi at pagbabagong-buhay.

**Pagsasabuhay:** Para ang ating mga kabataan ay lumaking maayos, kailangan nila ang pusong puno ng awa at habag. Kung may parusang bitay, at marami ang maaaring maparusahan nito, linggo-linggo, kung hindi araw-araw, ay may bibitayin. Ano ang mangyayari sa kanilang puso kung ito ay magiging laging laman ng mga pahayagan, radyo, at telebisyon? Titigas ang kanilang puso. Iiral lamang ang pagnanais na maghiganti. Hindi ang paghihiganti ang hihilom sa mga sugatang puso ng mga taong naging biktima ng karahasan, kundi ang awa at habag. Sino nga ba ang walang sala? Sino nga ba ang hindi nangangailangan ng awa at habag?

**Pagdiriwang:** Ama naming maawain at mahabagin, isugo Mo sa amin ang Banal na Espiritu upang tulungan kaming umamin sa aming mga kasalanan, taos-pusong magsisi, at talagang magbagong-buhay. Maging mahabagin nawa kami tulad Mo, *misericordes sicut Pater*, at tagapagkalat ng turo ng Iyong Anak na si Hesus Kristong aming Panginoon. Amen!



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco • Circulation: R. Saldua